Huwag ninyong bunutin ang uban sapagkat tunay na ito ay liwanag ng Muslim sa Araw ng Pagkabuhay.

Ayon kay `Amr bin Shu`ayb, ayon sa ama niya, ayon sa lolo niya, malugod si Allah sa kanya: "Huwag ninyong bunutin ang uban sapagkat tunay na ito ay liwanag ng Muslim sa Araw ng Pagkabuhay."

[Tumpak] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

Pinagbawalan ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ang Muslim laban sa pagbunot ng puting buhok, maging ito man ay mula sa buhok ng ulo niya o balbas niya o sa iba pa sa dalawang ito mula sa mga bahagi ng katawan. Ang ubang ito ay magiging liwanag sa may-ari nito sa Araw ng Pagkabuhay. Sharḥ Sunan Ibni Mājah ni As-Suyūṭīy, p. 264, at Nayl Al-Awṭār 1/151.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/8911